1

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8:

## Nagagamit ang mga Natutuhang Salita sa Pagbuo ng Simpleng Pangungusap



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul : Paggamit ng mga Natutuhang Salita sa Pagbuo ng Simpleng Pangungusap**
**Competency Code: F1PP-IIIj-9**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| Manunulat | : | Leveresa Q. Candor |
| Editor | : | Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe |
| Tagasuri | : | Ronald T. Bergado |
| Tagaguhit | : | Rhiza D. Manzano |
| Tagalapat | : | Rozen D. Bernales |
| Tagapamahala: | | Estela L. Carino<br>Rhoda T. Razon<br>Octavio V. Cabasag<br>Rizalino G. Caronan<br>Roderic B. Guinucay<br>Jorge G. Saddul, Sr.<br>Felimendo M. Felipe<br>Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul :
## Nagagamit ang mga Natutuhang Salita sa Pagbuo ng mga Simpleng Pangungusap

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Panimulang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino-Unang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling paggamit ng mga natutuhang salita sa pagbuo ng mga simpleng pangungusap.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino- Unang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Paggamit ng mga Natutuhang Salita sa Pagbuo ng mga Simpleng Pangungusap

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |

*Subukin*

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.

*Balikan*

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.

*Tuklasin*

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.

4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatulong sa iyo upang magamit nang wasto ang mga natutuhang salita sa pagbuo ng mga simpleng pangungusap.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Paggamit ng mga natutuhang salita sa pagbuon ng mga simpleng pangungusap.

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Makakagamit ng mga natutuhang salita sa pagsulat ng mga simpleng pangungusap

## *Subukin*

Alin sa mga sumusunod ang may tamang paggamit ng mga salitang naguhitan sa pangungusap. Lagyan ng tsek o ekis.

_______1. Ang kurtina ng aming bahay ay <u>masaya</u>.
_______2. Si Nanay ay <u>mapagmahal</u>.
_______3. <u>Tumatalon</u> ang kabayo ni Mang Tomas.
_______4. Ang <u>kaibigan</u> ay kaaway.
_______5. Lagi tayong <u>mag-iingat</u> sa ating kalusugan.

## *Balikan*

Uriin ang sumusunod na grupo ng mga salita. Lagyan ng **Pang**-kung pangungusap at **Hindi Pang**-kung hindi pangungusap.

__________________ 1. Ang lalo

__________________2. Masaya ang bata.

____________________3. Pupunta

____________________4. Nagbabasa si Milo.

____________________5. Mahirap magkasakit.

### *Mga Tala para sa Guro*

Gabayan ang bata sa pag-aaral sa modyul na ito upang masanay sa paggamit ng magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon.

## *Tuklasin*

Basahin natin ang kuwento.

Ang Mahiwagang Bulaklak

May isang matandang babae na may hardin at may maraming bulaklak. Bumibisita ang mga tao sa matandang babae upang magbigay ng isda kapalit ng magagandang bulaklak.

Nainiwala ang mga tao na may kapangyarihan ang matandang babae at may duwendeng tumutulong sa pag-aalaga ng tanim. Tinanong nila ang matanda ngunit sinabi ng nito na wala siyang kasama.

Isang araw, may mag-asawa na bumisita sa baryo at nakita nila ang magandang hardin. Pumitas sila ng bulaklak na walang pahintulot. Nakita sila ng matanda at pinakiusapang umalis ngunit pinagtawanan lamang nila ito.

Dahil sa kalapastangan ng dalawa, ginawa niya silang magandang kulisap. Noon din ay nagbago ang anyo ng mag-asawa. Naging paru-paro sila na aali-aligid sa bakuran.

1. Sino ang may alagang mga magagandang bulaklak?
2. Bakit ginawa ng matanda na paru-paro ang mag-asawa?
3. Tama ba ang ginawa ng matnada sa mag-asawa? Bakit?

## *Suriin*

Tukuyin ang wastong kahulugan ng mga salita na ginamit sa kuwento. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. mahiwaga
   A. May kakaibang pangyayari
   B. Walang nagyayari
2. kapangyarihan
   A. Kayang gumawa ng kakaibang bagay
   B. Walang nagagawa
3. naniniwala
   Hindi nila alam

A. Alam nila

4. kalapastangan

A. Gawaing hindi mabuti sa kapwa

B. Gawaing kaaya-aya sa ibang tao

5. umaaligid

A. Paikot-ikot

B. Nakaupo sa isang tabi

## *Pagyamanin*

Gamitin ang mga sumusunod na salita sa pagbuo ng simpleng pangungusap.

1. mahiwaga

_______________________________________________

_______________________________________________

2. kapangyarihan

_______________________________________________

_______________________________________________

3. naniniwala

_______________________________________________

_______________________________________________

4. kalapastangan

_______________________________________________

_______________________________________________

5. umaaligid

______________________________________________

______________________________________________

## Isaisip

**Punan ang patlang:**

Naiintindihan ang mga salitang ginamit sa kuwento kapag ___________________________at nagagamit natin ang mga ito sa simpleng pangungusap.

## Isagawa

Gumawa ng sariling pangungusap gamit ang mga sumusunod na salita

1. malakas
2. magulang
3. paaralan
4. nag-aaral
5. paligid

# *Tayahin*

Basahin at intindihin ang kantang "Ako ay May Lobo", pagkatapos ay gamitin sa sariling pangungusap ang mga salitang naguhitan.

Ako ay May Lobo

Ako ay may lobo
Lumipad sa langit
Di ko na nakita
Pumutok na pala
Sayang lang ang pera ko
Pinambili ng lobo
Sa pagkain sana
Nabusog pa ako

Gamitin sa inyong sariling pangungusap ang mga sumusunod na salita na mula sa kanta.

1. lumipad
2. pumutok
3. lobo

4. pagkain

5. nabusog

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**
1. x
2. /
3. /
4. x
5. /

**Balikan**
1. Hindi Pang
2. Pang
3. Hindi Pang
4. Pang
5. Pang

**Suriin**
1. A
2. A
3. B
4. A
5. A

## *Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide

Author: Leveresa Q. Candor

Illustrator: Rhiza D. Manzano

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph